Impormasyon para sa mga Pamilya - Tagalog

Ano ang Hamon sa Pagbabasa ng Punong Ministro?

Ang Hamon sa Pagbabasa ng Punong Ministro ay isang pangako ng isang programa sa karunungang bumasa't sumulat na ipinakilala ng Punong Ministro noong 2004 upang:

- Himukin ang mga estudyanteng magbasa ng aklat at masiyahan sa pagbabasa
- Pabutihin ang karunungan bumasa't sumulat

Nangangailangan ang Hamon ng mga estudyante na magbabasa ng 12 na aklat sa pagitan ng pag-umpisa ng pasukan at buwan ng Setyembre.

Paano mo malalaman ang tungkol sa Hamon?

Bisitahin ang pahinang Magulang at Pamilya sa websayt ng Hamon sa Pagbabasa ng Punong Ministro para sa karagdagang impormasyon
http://www.premiersreadingchallenge.sa.edu.au/prc/pages/parents/families/
Makipag-alam sa DECD Community Liaison Officers Telepono: 8226 2756.

Makipag-alam sa paaralan ng iyong anak.

Anong mga aklat ang maaring basahin ng mga estudyante?

Maaring basahin ng mga estudyante ang mga aklat na nakalista sa Hamon sa Pagbabasa ng Punong Ministro at ang kanilang mga pinili. Ang listahan ay makukuha sa websayt ng Hamon sa Pagbabasa ng Punong Ministro. Maaring magbasa ang estudyante ng mga aklat sa ibang wika.

- Pipili ng mga 8 aklat sa websayt ng Hamon sa Pagbabasa ng Punong Ministro at 4 na aklat na pinili ng Resepsiyon Hanggang Taon 7.
- Ang mga Taon 8 at Taon 9 ay pipili ng kahit man lamang 4 na aklat sa listahan ng Hamon sa Pagbabasa ng Punong Ministro at 8 na aklat na kanilang napili.
- Makakapili ang mga estudyante sa Taon 10, Taon 11 at Taon 12 ng 12 na aklat.

Saan makukuha ang mga aklat?

Makukuha ang mga aklat sa paaralan at aklatan, mga tindahan ng mga aklat at mga lugar ng aklat sa onlayn.

Ano ang mga gantimpala sa Hamon sa Pagbabasa ng Punong Ministro?

Katibayan – unang taon
Medalyang Tanso – pangalawang taon
Medalyang Pilak – pangatlong taon
Medalyang Ginto – pang-apat na taon
Medalya ng Tsampyon – panglimang taon
Maalamat na medalya – pang-anim na taon
Medalya sa Sala ng Kabantugan – pitong taon
Katibayan sa Nagbabasa Habambuhay (R4L):
R4L walong taon
R4L tanso – siyam na taon
R4L pilak – sampung taon
R4L ginto – labing-isang taon
R4L tsampyon – labing-dalawang taon
R4L alamat – labing-tatlong taon
R4L sala ng kabantugan – labing-apat na taon

Sino ang mga kinatawan ng Hamon sa Pagbabasa ng Punong Ministro?

Labing-siyam na kilalang taga Timog Ausy-tralya at anim na pangkat ng mga kinakatawan ang tumataguyod sa Hamon sa Pagbabasa ng Punong Ministro. Ito ay ang Adelaide United Football Club, Adelaide Lightning, Port Adelaide Football Club, Thunderbirds Netball Club, Adelaide Football Club at ang Scorpions women's cricket club.

Ilang estudyante ang kabilang sa Hamon sa Pagbabasa ng Punong Ministro?

Bawa't taon mahigit na 120,000 estudyante mula sa 95% na paaralan ng Timog Australya ay nakakabuo ng Hamon sa Pagbabasa ng Punong Ministro. Maraming estudyante ay nagbabasa ng higit sa 12 na aklat.

Ano ang mga pakinabang sa pagsali sa Hamon sa Pagbabasa ng Punong Ministro?

- Himukin ang mga estudyante magbasa ng mas maraming aklat at mas masiyahan sa pagbabasa
- Binibigyan ang mga estudyante ng tampulan sa kanilang pagbabasa
- Naglalaan ng pambihirang pang-unawa
- Hinihimok ang pagsali ng mga magulang sa pagbabasa ng kanilang mga anak
- Pinapadami ang paghihiram sa aklatan
- Pinabubuti ang karunungan bumasa at sumulat.